County of San Diego

July 1, 2025,
First Supervisorial District
Special General Election

# Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa loob-ng-opisina para sa Ika-1 ng Hulyo, 2025, Unang Superbisoryal na Distrito, Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon ay magsisimula sa Lunes, Ika-2 ng Hunyo sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, Suite 100, San Diego, CA, 92123 sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa.

- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Sa pinal na araw ng pagboto, Ika-1 ng Hulyo, ang mga oras ng pagboto ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

**Vote Center sa Distrito 1 ay Bukas ng Sabado, Ika-21 ng Hunyo:**

- Simula Sabado, Ika-21 ng Hunyo, pitong mga vote center sa paligid ng distrito ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Ika-1 ng Hulyo, labintatlong mga vote center ang magbubukas sa paligid ng distrito mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Pagsusuri sa Lohika at Ganap na Kawastuhan ng Sistema ng Pagboto:

- Inaasahang magsisimula sa Ika-21 ng Mayo mula ika-9:30 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon araw-araw o hanggang sa makumpleto.

Pagproseso ng mga Balotang Pangkoreo:

- Inaasahang magsisimula ang pagbeberipika ng mga pirma sa mga sobreng pagbabalikan sa Ika-5 ng Hunyo.
- Inaasahang magsisimula ang pagbubukas at paghahanda para sa tabulasyon ng mga pangkoreong balota sa Ika-9 ng Hunyo.
- Inaasahang magsisimula ang pag-scan ng balota sa Ika-20 ng Hunyo.
- Inaasahang magsisimula ang adyudikasyon ng balota sa Ika-23 ng Hunyo.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-1 ng Hulyo (matapos magsara ang mga vote center, ang pana-panahong pag-update ng mga resulta ay magpapatuloy sa buong gabi hanggang sa mai-report ang lahat ng mga balota ng mga vote center).
- Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na pag-update sa mga hindi opisyal na resulta ay ipo-post ayon sa sumusunod na iskedyul:
    - Pagsapit ng ika-6 ng gabi, Huwebes, Ika-3 ng Hulyo.
    - Pakitandaan, ang mga karagdagang update ay isasagawa ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante kung saan ang petsa ng susunod na pagpo-post ay malinaw na ipapakita sa hindi opisyal na resulta na bulletin.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago mag Ika-16 ng Hulyo.

Ang opisina ay magsasara sa Ika-19 ng Hunyo bilang pag-obserba sa Juneteenth.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang mga aktibidad ng inyong grupo para mag-obserba, kontakin kami sa 858-565-5800.